# *Pag-eevangelio at Pangangasiwa*

Binigyan ni Jesus ang Kanyang mga alagad ng dakilang utos nang Siya ay umalis, sinasabi sa kanila sa ***Mateo 28:8-20, "18 At lumapit si Jesus sa kanila at sila'y kaniyang kinausap, na sinasabi, Ang lahat ng kapamahalaan sa langit at sa ibabaw ng lupa ay naibigay na sa akin. 19 Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo: 20 Na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo: at narito, ako'y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan. Amen"*** Sinabi ni Jesus sa kanila at sinasabi sa atin ngayon na yumaon at gumawa ng mga alagad pinangakuan sila na Siya ay sa sasakanila habang sila ay yayaon at ipangaral ang Evangelio.

Ano ang Evangelio na ibabahagi natin? Ang Evangelio ay ang mabuting balita na nais ni Jesus sa atin na yumoan at ipalaganap at ito ang ibig sabihin ng pag-eevangelismo. Ang Evangelio kapag ibinahagi natin ipinapahayag natin ang sumusunod:

1. Lahat ay nagkasala at gumawa ng gulo. ***"23 Sapagka't ang lahat ay nangagkasala nga, at hindi nangakaabot sa kaluwalhatian ng Dios;" (Roma 3:23 KJV)***

2. Ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan, ngunit ang kaloob ng Dios ay walang hanggang buhay sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon. ***"23 Sapagka't ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan; datapuwa't ang kaloob na walang bayad ng Dios ay buhay na walang hanggan kay Cristo Jesus na Panginoon natin." (Roma 6:23 KJV)***

3. Ang lahat ng mga tao ay mamamatay at haharap sa paghuhukom, ***"27 At kung paanong itinakda sa mga tao ang mamatay na minsan, at pagkatapos nito ay ang paghuhukom;" (Hebreo 9:27 KJV)***

4. Sa ***Juan 3:16*** natuklasan natin na iniibig tayo ng Dios at ibinigay sa atin ang Kanyang Anak. ***"16 Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan." (Juan 3:16 KJV) "8 Datapuwa't ipinagtatagubilin ng Dios ang kaniyang pagibig sa atin, na nang tayo'y mga makasalanan pa, si Cristo ay namatay dahil sa atin." (Roma 5:8 KJV)***

5. Sa Evangelio ipinaparangal natin ang pagkabuhay ni Cristo. Hindi lamang ibinigay ng Dios ang Kanyang anak upang mamatay para sa ating mga kasalanan, kundi si Jesus ay nabuhay na maguli mula sa kamatayan. Ito ang muling pagkabuhay na ating ipinangangaral. Sabi sa ***1 Corinto 15:14***, kung si Jesus ay hindi muling nabuhay mula sa mga patay, ang ating pangangaral ay walang silbi at gayon din ang ating pananampalataya. ***"14 At kung si Cristo'y hindi muling binuhay, ay walang kabuluhan nga ang aming pangangaral, wala rin namang kabuluhan ang inyong pananampalataya." (1 Corinto 15:14 KJV)***

6. Ang kaligtasan ng Dios ay isang biyayang kaloob at kailangan lamang tanggapin sa pamamagitan ng pananampalataya, ***"8 Sapagka't sa biyaya kayo'y nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ito'y hindi sa inyong sarili, ito'y kaloob ng Dios; 9 Hindi sa pamamagitan ng mga gawa, upang ang sinoman ay huwag magmapuri." (Epeso 2:8-9 KJV)*** Kapag tinanggap na natin ang kaloob na iyon ang kaligtasan ay magiging isang daan ng buhay. Nagpapatotoo tayo at sasabihin sa iba ang tungkol sa Evangelio, ang mabuting balita na may kapangrihang baguhin ang buhay. Sinabi ni Pablo, ***"16 Sapagka't hindi ko ikinahihiya ang evangelio: sapagka't siyang kapangyarihan ng Dios sa ikaliligtas ng bawa't sumasampalataya; una'y sa Judio, at gayon din sa Griego." (Roma 1:16 KJV)***

Mga patnubay sa pagpatotoo: Maraming patnubay at mga paalala sa pagpatotoo. Maraming bagay ang naisulat tungkol sa paksang ito. Gayunpaman, may limang pangunahing patnubay sa pagpatotoo na kailangan mong malaman at nais naming banggitin dito.

1. Subukang bumuo ng kaugnayan sa tao.

2. Manalangin.

- Manalangin na ihanda ng Dios ang tao para sa Evangelio.
- Manalangin na magawa mong makapagbahagi nang epektibo.
- Manalangin na madaling makaramdam ka sa Espiritu ng Dios.
- Manalangin na hipuin ng Espiritu ng Dios ang tao.

3. Magsimula sa kinaroroonan ng tao, sa halip na kung nasaan ka. Hayaan ang tao na ibahagi ang kanyang karanasan, kung ano ang nararamdaman niya tungkol sa Dios, tungkol sa kanyang sariling buhay, mga tanong niya tungkol sa Dios, atbp.

4. Maging sensitibo sa mga pangangailangan ng tao.

5. Huwag makipagtalo o makipagtalastas sa tao.

Paano ka magiging isang saksi? Sinasabi sa, ***Mga Gawa 1:8 "Datapuwa't tatanggapin ninyo ang kapangyarihan, pagdating sa inyo ng Espiritu Santo: at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, at sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kahulihulihang hangganan ng lupa."***
Maaaring mapansin ang tatlong bagay dito:

1. Ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu ay ibinibigay upang tayo ay maging saksi.
2. Inaasahan ni Jesus na tayo ay maging saksi at kaya ibinibigay Niya sa atin ang kapangyarihan upang maging epektibong saksi.
3. Dapat tayong maging saksi ni JesuCristo saanman.

*Kaya kailangan mong gamitin ang lahat ng pagkakataon na ibinigay sa iyo ng Panginoon upang ipatotoo at ibahagi ang Evangelio tungkol kay Jesus sa mga naliligaw na mga kaluluwa na nakapalibot sa iyo at sa mga makikilala mo. * Batay doon kailangan mo ring tanggapin ang kaloob ng Banal na Espiritu at ito ang kailangan mong gawin sa pamamagitan ng pananalangin sa Dios hinihiling sa kanya na puspusin ka at bigyan ka ng Espirituwal na mga kaloob na kailangang mong ipatotoo.

Ngayon tatalakayin natin ang tungkol sa pangangasiwa.

***"14 Sapagka't tulad sa isang tao, na nang paroroon sa ibang lupain, ay tinawag ang kaniyang sariling mga alipin, at ipinamahala sa kanila ang kaniyang mga pag-aari. 15 At ang isa'y binigyan niya ng limang talento, ang isa'y dalawa, at ang isa'y isa; sa bawa't isa'y ayon sa kanikaniyang kaya; at siya'y yumaon sa kaniyang paglalakbay. 16 Ang tumanggap ng limang talento pagdaka'y yumaon at ipinangalakal niya ang mga yaon, at siya'y nakinabang ng lima pang talent. 17 Sa gayon ding paraan ang tumanggap ng dalawa ay nakinabang ng ibang dalawa pa. 18 Datapuwa't ang tumanggap ng isa ay yumaon at humukay sa lupa, at itinago ang salapi ng kaniyang panginoon. 19 Pagkatapos nga ng mahabang panahon, ay dumating ang panginoon ng mga aliping yaon, at nakipaghusay sa kanila. 20 At ang tumanggap ng limang talento ay lumapit at nagdala ng lima pang talento, na nagsasabi, Panginoon, binigyan mo ako ng limang talento: narito, ako'y nakinabang ng lima pang talent. 21 Sinabi sa kaniya ng kaniyang panginoon, Mabuting gawa, mabuti at tapat na alipin: nagtapat ka sa kakaunting bagay, pamamahalain kita sa maraming bagay; pumasok ka sa kagalakan ng iyong panginoon. 22 At lumapit naman ang tumanggap ng dalawang talento at sinabi, Panginoon, binigyan mo ako ng dalawang talento: narito, ako'y nakinabang ng dalawa pang talent. 23 Sinabi sa kaniya ng kaniyang panginoon, Mabuting gawa, mabuti at tapat na alipin: nagtapat ka sa kakaunting bagay, pamamahalain kita sa maraming bagay; pumasok ka sa kagalakan ng iyong panginoon. 24 At lumapit naman ang tumanggap ng isang talento at sinabi, Panginoon, nakikilala kita na ikaw ay taong mapagmatigas, na gumagapas ka doon sa hindi mo hinasikan, at nagaani ka doon sa hindi mo sinabugan; 25 At ako'y natakot, at ako'y yumaon at aking itinago sa lupa ang talento mo: narito, nasa iyo ang iyong sarili. 26 Datapuwa't sumagot ang kaniyang panginoon at sinabi sa kaniya, Ikaw na aliping masama at tamad, nalalaman mong ako'y gumagapas sa hindi ko hinasikan, at nagaani doon sa hindi ko sinabugan; 27 Gayon pala'y ibinigay mo sana ang aking salapi sa nagsisipangalakal ng salapi, at nang sa aking pagdating ay tinanggap ko sana ang ganang akin pati ng pakinabang. 28 Alisin nga ninyo sa kaniya ang talento, at ibigay ninyo sa may sangpung talento. 29 Sapagka't ang bawa't mayroon ay bibigyan, at siya'y magkakaroon ng sagana: nguni't ang wala, pati pa nang nasa kaniya ay aalisin sa kaniya. 30 At ang aliping walang kabuluhan ay inyong itapon sa kadiliman sa labas: diyan na nga ang pagtangis at ang pagngangalit ng mga ngipin." (Mateo 25:14-30 KJV)*** Sa talinghagang ito itinuro ni Jesus angb tungkol sa kung anong kahulugan upang maging isang mabuting tagapangasiwa.

Bakit hindi natuwa ang lalaki sa alipin na binigyan niya ng isang talento lamang? Dahil siya ay tamad, masama, at hindi ginawa nang maayos ang nararapat niyang gawin sa talento na ipinagkaloob sa kanya ng kanyang panginoon.

Ano ang pangangasiwa?

1. Ang pangangasiwa ay ang maparaan at angkop na pagbibigay ng oras, kakayahan, at mga materyal na ari-arian.

2. Kinikilala namin na ang lahat ng mayroon kami ay isang pagtitiwala mula sa Dios na gagamitin sa Kanyang paglilingkod, at para sa kapakinabangan ng Kanyang Kaharian. Sa ***Genesis 14:19,20*** kinilala ni Abraham na ibinigay ng Dios ang kanyang mga kaaway sa kanyang mga kamay at sinasabing ibinigay niya sa Dios ang ikapu ng lahat ng bagay. ***"19 At binasbasan niya siya na sinabi, Pagpalain si Abram ng Kataastaasang Dios, na may-ari ng langit at ng lupa: 20 At purihin ang Kataastaasang Dios, na nagbigay ng iyong mga kaaway sa iyong kamay. At binigyan siya ni Abram ng ikasangpung bahagi ng buong samsam." (Genesis 14:19-20 KJV) Awit 24:1*** sinasabi, ***"Ang lupa ay sa Panginoon at ang buong narito; ang sanglibutan, at silang nagsisitahan dito."*** Ang sanglibutan at ang lahat kaloob roon ay pag-aari ng Dios. Hindi lamang ang sanglibutan kundi pati na rin ang mga Langit at ang buong sanglibutan at ang kabuuan nito ay pag-aari ng Dios na Makapangyarihan na nagtayo ng mga ito. ***"8 Oh Panginoong Dios ng mga hukbo, sino ang makapangyarihang gaya mo, Oh JAH? At ang pagtatapat mo'y nasa palibot mo. 9 Iyong pinagpupunuan ang kapalaluan sa dagat: pagka nagsisibangon ang mga alon niyaon ay pinatatahimik mo. 10 Iyong pinagwaraywaray ang Rahab na parang napatay; iyong pinangalat ang iyong mga kaaway ng bisig ng iyong kalakasan. 11 Ang langit ay iyo, ang lupa ay iyo rin: ang sanglibutan at ang buong narito ay iyong itinatag." (Awit 89:8-11 KJV)*** Kaya ang Dios ay siya nang may-ari, ang may-ari, at ang nagbibigay, at tayo ay mga tagapangalaga ng mga bagay na pag-aari ng Dios. Sa ***Mateo 25:14*** makikita natin na ang taong tumanggap, tagapangasiwa at dapat maging responsable at managot. ***"14 Sapagka't tulad sa isang tao, na nang paroroon sa ibang lupain, ay tinawag ang kaniyang sariling mga alipin, at ipinamahala sa kanila ang kaniyang mga pag-aari." (Mateo 25:14 KJV)*** Ang lahat ng kinikita mo ay pag-aari ng Dios, at nais ng Dios na una mong ialay sa Kanya ang iyong ikapu at ang natitira ay kailangan mong gamitin nang matalino upang gastusin para sa iyong sarili, ilan para sa iyong ministeryo, ilan upang tumulong sa iba at itabi ang natitira upang magamit sa hinaharap.

Anong mga kaloob ang ibinibigay sa iyo ng Dios na dapat mong pangasiwaan?

***1. Buhay: "27 At nilalang ng Dios ang tao ayon sa kaniyang sariling larawan, ayon sa larawan ng Dios siya nilalang; nilalang niya sila na lalake at babae. 28 At sila'y binasbasan ng Dios, at sa kanila'y sinabi ng Dios, Kayo'y magpalaanakin, at magpakarami, at kalatan ninyo ang lupa, at inyong supilin; at magkaroon kayo ng kapangyarihan sa mga isda sa dagat, at sa mga ibon sa himpapawid, at sa bawa't hayop na gumagalaw sa ibabaw ng lupa." (Genesis 1:27-28 KJV)*** Sa talata 27 sinasabi na nilikha ng Dios ang tao sa Kanyang sariling wangis, sa talata 28 sinasabi na sinabi ng Dios sa tao sa ***"Kayo'y magpalaanakin, at magpakarami, at kalatan ninyo ang lupa, at inyong supilin; at magkaroon kayo ng kapangyarihan sa mga isda sa dagat, at sa mga ibon sa himpapawid, at sa bawa't hayop na gumagalaw sa ibabaw ng lupa."*** Malinaw na ginawa ng Dios ang tao na responsable para sa nilikha.

***2. Panahon: "5 At tinawag ng Dios ang liwanag na Araw, at tinawag niya ang kadiliman na Gabi. At nagkahapon at nagkaumaga ang unang araw." (Genesis 1:5 KJV)*** s Sinasabi na tinawag ng Diyos ang liwanag na ***'Araw'***, at ang dilim na ***'Gabi'***. At nagkaroon ng gabi at nagkaroon ng umaga sa unang araw. Binigyan ka ng Dios ng araw para magtrabaho at sa pagtatapos ng araw binigyan ka Niya ng gabi bilang panahon ng pahinga.

***3. Mga Kaloob: "6 At yamang may mga kaloob na nagkakaibaiba ayon sa biyaya na ibinigay sa atin, kung hula, ay manganghula tayo ayon sa kasukatan ng ating pananampalataya;" (Roma 12:6 KJV)*** Sinasabi nito na tayo ay may iba't ibang kaloob ayon sa biyayang ibinigay sa atin. Lahat ng mga kaloob at talento na ibinigay sa iyo ng Dios ay nais Niya na gamitin mo ang mga ito sa katawan ni Cristo, sa Kanyang simbahan.

***4. Mga kayamanan:*** Mga materyal na bagay na maaari nating gamitin at ibahagi sa iba at sa paglilingkod sa Dios. Pinapaalalahanan tayo sa ***Colosas 3:1-3*** na itutok ang ating isipan sa mga bagay na nasa itaas at hindi sa mga bagay na makamundong, ***"1 Kung kayo nga'y muling binuhay na kalakip ni Cristo, ay hanapin ninyo ang mga bagay na nangasa itaas, na kinaroroonan ni Cristo, na nakaupo sa kanan ng Dios. 2 Ilagak ninyo ang inyong pagiisip sa mga bagay na nangasa itaas, huwag sa mga bagay na nangasa ibabaw ng lupa. 3 Sapagka't kayo'y nangamatay na, at ang inyong buhay ay natatagong kasama ni Cristo sa Dios." (Colosas 3:1-3 KJV)*** Lahat ng mga materyal na mga bagay, ang ating panahon at buhay ay pag-aari ng Dios at maging sa atin, kaya kailangan nating maging handa na ibigay ang lahat ng mga bagay na ito sa Dios.

***5. Mga pananalapi:*** Ang lahat ng kinikita mo ay pag-aari ng Dios at kailangan mong gamitin ang mga ito nang mabuti. ***2 Corinto 9:2-8*** Hinihikayat ni Pablo ang mga taga-Corinto na gawin ang kanilang ipinangako, na magpadala ng regalo sa mga taga-Macedonia na nangangailangan. ***"2 Sapagka't nakikilala ko ang inyong sikap, na aking ipinagmamapuri tungkol sa inyo sa mga taga Macedonia, na ang Acaya ay nahahandang isang taon na; at ang inyong pagsisikap ay nakapagudyok sa lubhang marami sa kanila. 3 Datapuwa't sinugo ko ang mga kapatid, upang ang aming pagmamapuri dahil sa inyo ay huwag mawalan ng kabuluhan sa bagay na ito; na, ayon sa aking sinabi, kayo'y mangakapaghanda: 4 Baka sakaling sa anomang paraan kung magsirating na kasama ko ang ilang taga Macedonia at kayo'y maratnang hindi nangahahanda, kami***

***(upang huwag sabihing kayo) ay mangapahiya sa pagkakatiwalang ito. 5 Iniisip ko ngang kailangang ipamanhik sa mga kapatid, na mangaunang pumariyan sa inyo, at ihanda agad ang inyong abuloy na ipinangako nang una, upang ito'y maihanda na gaya ng abuloy, at hindi gaya ng sapilitan. 6 Datapuwa't sinasabi ko, Ang naghahasik ng bahagya na ay magaani namang bahagya na; at ang naghahasik na sagana ay magaani namang sagana. 7 Magbigay ang bawa't isa ayon sa ipinasiya ng kaniyang puso: huwag mabigat sa loob, o dahil sa kailangan: sapagka't iniibig ng Dios ang nagbibigay na masaya. 8 At maaaring gawin ng Dios na ang lahat ng biyaya ay magsisagana sa inyo; upang kayo, na mayroong laging buong kaya sa lahat ay magsipanagana sa bawa't mabuting gawa:" (2 Corinto 9:2-8 KJV)*** Sa talata 5, hinikayat ni Pablo sila na ihanda ito upang maibigay mula sa kanilang kaloob-looban. Sa talata 6, ipinaalala niya sa kanila na ang sinumang magtatanim ng kakaunti ay magsisidating din ng kakaunti, at ang sinumang magtatanim ng sagana ay magsisidating din ng sagana. Sa talata 7, hinikayat niya ang bawat isa sa kanila na magpasya sa kanilang sariling puso kung ano ang kanilang nilayong ibigay, hindi nang pag-aatubili o hindi kusang-loob, ni hindi dahil sa pangangailangan o obligasyon, sapagkat ang Dios ay umiibig sa masayang tagapagbigay. Nangangahulugan din ito na kung sila'y hindi nais magbigay, hindi sila mamahalin ng Dios, sapagkat ang Dios ay umiibig sa masayang nagbibigay. Ang bunga ng masayang pagbibigay ay yaong habang ikaw ay nagbibigay nang bukas-palad, ang Dios ang magbibigay ng lahat ng iyong pangangailangan upang patuloy na makagawa ng mabuting gawa tulad ng ating mababasa dito. ***"8 At maaaring gawin ng Dios na ang lahat ng biyaya ay magsisagana sa inyo; upang kayo, na mayroong laging buong kaya sa lahat ay magsipanagana sa bawa't mabuting gawa:" (2 Corinto 9:8 KJV)***

Ano ang mga kinakailangan upang maging isang mahusay na tagapanngasiwa?

***1. Ang isang mahusay na tagapangasiwa ay tapat: "1 Ipalagay nga kami ng sinoman na mga ministro ni Cristo, at mga katiwala ng mga hiwaga ng Dios. 2 Bukod dito'y kinakailangan sa mga katiwala, na ang bawa't isa ay maging tapat." (1 Corinto 4:1-2 KJV)*** Ipinapahayag nito sa atin na kinakailangang ang mga pinagkatiwalaan ng pangangasiwa ay matagpuan na tapat o mapagkakatiwalaan.

***2. Ang isang mabuting tagapangasiwa ay madaling turuan: "15 At kung magkasala laban sa iyo ang kapatid mo, pumaroon ka, at ipakilala mo sa kaniya ang kaniyang kasalanan na ikaw at siyang magisa: kung ikaw ay pakinggan niya, ay nagwagi ka sa iyong kapatid. 16 Datapuwa't kung hindi ka niya pakinggan, ay magsama ka pa ng isa o dalawa, upang sa bibig ng dalawang saksi o tatlo ay mapagtibay ang bawa't salita. 17 At kung ayaw niyang pakinggan sila, ay sabihin mo sa iglesia: at kung ayaw rin niyang pakinggan ang iglesia, ay ipalagay mo siyang tulad sa Gentil at maniningil ng buwis." (Mateo 18:15-17 KJV)*** Sinasabi sa atin kung ano ang dapat gagawin kung ang iba ay nagkasala laban sa atin. Dapat tayong lumapit sa kanya at ipakita sa kanya ang kanyang kasalanan. Kung hindi siya makikinig, dapat tayong kumuha ng isa o dalawa pang kasama upang ang bawat bagay ay maitatag ayon sa patotoo ng dalawa o tatlong saksi. Kung patuloy pa rin siyang tumangging makinig, ipagbigay-alam ito sa simbahaan. Kung patuloy pa rin siyang tumanggi, ang pakikipag-ugnayan ay dapat putulin.

***3. Ang mabuting tagapangasiwa ay nagnanais na magministerio: "10 Sa pagibig sa mga kapatid ay mangagmahalan kayo; sa kapurihan ay ipagpauna ng isa't isa ang iba; 11 Huwag mga tamad sa pagsusumikap; maningas sa espiritu; mapaglingkod sa Panginoon; 12 Mangagalak sa pagasa; magmatiisin sa kapighatian; magmatiyagain sa pananalangin; 13 Mapagdamay sa mga kailangan ng mga banal; maging mapagpatuloy." (Roma 12:10-13 KJV)*** Sa talata 10 ay hinihikayat tayo na mag-ibigin at mangagmahalan sa isa't isa, sa talata 11 na maging masigasig sa espiritu sa paglilingkod sa Panginoon, sa talata 12 hinihikayat tayong maging matiisin sa mga pagsubok, at sa talata 13 hinihikayat tayong magbigay sa bayan ng Dios na nangangailangan, at magsanay ng pagkamapagpatuloy.

***4. Ang mabuting tagapangasiwa ay may pusong lingkod: "13 Sapagka't kayo, mga kapatid, ay tinawag sa kalayaan; huwag lamang gamitin ang inyong kalayaan, upang magbigay kadahilanan sa laman, kundi sa pamamagitan ng pagibig ay mangaglingkuran kayo." (Galacia 5:13 KJV)*** Pinapaalalahanan tayo nito na tayo'y tinawag na maging malaya, ngunit mahalaga na gamitin natin ang ating kalayaan sa tamang paraan, hindi magpakasasa sa makasalanang kalikasan, kundi mahalin at paglingkuran ang isa't isa sa pag-ibig.

***5. Ang mabuting tagapangasiwa ay may kahandaang magbigay: "42 Bigyan mo ang sa iyo'y humihingi, at huwag mong talikdan ang sa iyo'y nangungutang." (Mateo 5:42 KJV)*** Hinihikayat tayo na magbigay sa iba na humihingi sa atin at huwag talikuran ang humihiram sa atin.

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** * Nilalang ka ng Dios para sa layunin ng paglilingkod sa Kanya. Ang Dios ang Maylalang at may-ari ng lahat ng umiiral. Itinakda ka Niya bilang tagapamahala at katiwala ng Kanyang pag-aari. Ikaw ay may pananagutan na maging mabuting katiwala sa ipinagkaloob sa'yo ng Dios. Ang pamamahala ay hindi lamang tungkol sa pera, kundi pati na rin sa ating buhay, mga kaloob at talento. * Samakatuwid, ang iyong layunin sa buhay na ito ayon sa natanggap mo sa mensaheng ito tungkol sa

pangangasiwa ay kailangan mong ilapat ang mga tuntunin ng pangangasiwa upang maging mas mabuting katiwala ng ipinagkaloob sa iyo ng Dios at ng nais ng Dios na ikaw ay maging. Tayo ay manalangin … .

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios ako ay lumalapit sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na namatay at nabuhay na maguli mula sa mga patay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng walang hanggan buhay. Panginoon salamat para sa iyong Salita na tinuruan ako na kailangan kong dalhin ang Evangelio ni Jesus sa iba at maging isang mabuting tagapangasiwa ng lahat ng mga yaman na iniligay mo sa aking kamay. Panginoon, salamatsa lahat ng mga pagpapala na ibinigay mo sa akin. Salamat po sa buhay na ipinagkaloob mo sa akin, sa oras, sa pananalapi, sa mga ari-arian, at sa mga talento at mga Espirituwal na kaloob na ipinagkaloob mo sa akin. Panginoon, salamat sa lahat ng mga aral, mga pagtutuwid, mga pagsaway, at mga paalaala na aming natanggap mula sa iyo sa mensaheng ito.*

*Magsisi ka sa iyong kawalang-kagustuhang ipalaganap ang Evangelio at ipaalam sa iba ang tungkol kay Jesus. Magsisi ka sa iyong katamaran at sa maling paggamit ng lahat ng iyong natanggap mula sa Dios. Magsisi ka sa iyong kawalang-kagustuhang isuko ang iyong buhay at kalooban sa Dios. Magsisi ka sa pagiging hindi tapat, matigas ang ulo at hindi marunong matuto. Magsisi ka sa iyong kawalang-kagustuhang ialay ang iyong oras at ikapu sa Dios. Magsisi ka sa paggamit ng iyong mga yaman sa makasalanang paraan upang pagtangkilik sa masasamang hangarin. Magsisi ka sa iyong mga imoralidad, sa iyong kasakiman, sa iyong pagibig sa pera at mga materyal na bagay, sa iyong inggit at selos, sa iyong mga pagtatalo, galit, kayabangan, pagnanakaw at kasinungalingan at iba pang gawa ng laman. Magsisi ka sa iyong pakikipag-ugnayan sa mga di mananampalatay at sa pagsasayang ng iyong oras sa Media, Balita at mga laro. Magsisi ka sa iyong kakulangan sa pagbabasa ng Salita ng Dios at sa iyong kakulangan sa panalangin. Panginoon patawarin mo ako, ako ay nagsisisi at tinatalikuran ang mga sumusunod na kasalanan ____________________ .*

*Panginoon, itinatalaga ko ang aking sarili na pumunta at maglingkod sa iyo, na mangaral at ipabatid sa iba ang tungkol kay Jesus. Panginoon, puspusin mo ako ng Banal na Espiritu at ibigay mo sa akin ang mga Espiritwal na kaloob na kailangan ko upang pumunta at maglingkod sa iyo. Panginoon, gabayan mo ako sa mga tao at ihanda ang kanilang mga puso upang tanggapin ang iyong mensahe. Panginoon, ibigay mo sa akin ang iyong mensahe sa tamang oras na akma sa mga taong pinapadala mo sa akin upang ipangaral sa kanila ang Evangelio. Panginoon, isinusuko ko ang aking buhay at aking kalooban sa iyo. Panginoon, itinatalaga ko ang aking sarili na maging mabuting tagapamahala sa lahat ng mga yaman na inilagay mo sa aking kamay. Panginoon, ibinibigay ko sa iyo ang aking buhay, ang aking oras ay para sa iyo, at sa ang aking pinanalapi, Inilalagay ko sa iyong mga kamay. Panginoon, handa akong magbigay ng ikasampu ng aking kita at gamitin ang aking pera ayon sa katuruan ng iyong Salita at sa iyong patnubay sa akin. Panginoon, handa kong gamitin ang mga Espiritwal na kaloob at ang mga talento na ibinigay mo sa akin sa iyong paglilingkod. Panginoon, handa akong pumunta at gawin ang gawain na inihanda mo nang maaga para sa akin upang gawin. Panginoon, protektahan mo ako, pagkalooban ng mabuting kalusugan at lakas, at tugunan ang aking mga pangangailangan nang sa gayon ay patuloy akong makapaglingkod sa iyo.*

*Panginoon, salamat sa aking mga Kapatid na lalaki at babae na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at handang mamuhay para sa iyo; sa kanilang kahandaang ipangaral ang Evangelio ni Jesus at maging mabuti, tapat at madaling turuang katiwala sa lahat ng mabubuting yaman, talento at mga Espirituwal na kaloob na ibinigay mo sa kanila. Panginoon, protektahan mo sila, tugunan ang kanilang mga pangangailangan at gantimpalaan sila para sa kanilang pagsunod upang patuloy nilang mapaglingkuran ka. Panginoon, gawin mo silang mabuting halimbawa sa iba na sundin ka.*

*Panginoon, pagpalain mo kami bilang iyong simbahan at pangunahan mo kami upang maisakatuparan ang aming natanggap sa mensaheng ito na yumaon at mangaral at maging mabuting katiwala sa mga yaman na ipinagkatiwala mo sa amin at turuan ang aming mga pamilya, disipulo, at mga manggagawa ng mga tuntuning ito para sa buhay at ministeryo. Panginoon, patnubayan mo kami nang higit na magmahal at magmalasakit sa isa't isa at mamuhay sa kabanalan. Panginoon, gabayan mo kami upang payuhan ang mga nasa kasalanan at ituwid sila, baka sila'y magsisi at bumalik sa iyo. Panginoon, ipagkaloob mo sa amin ang bunga ng Banal na Espiritu, pagibig, kagalakan, kapayapaan, kababaang-loob, pagpipigil sa sarili, pagtitiis, pagtitiyaga, mahabang pasensya, pananampalataya, at katapatan upang magpatuloy at paglingkuran ka sa mas mabuting paraan na nagpapakita ng katangian ni Jesus sa aming buhay sa pagtulong sa aming mga kapatid na may mga suliranin na nangangailangan ng aming mga kamay, pagsisikap, tulong at panalangin. Panginoon, puspusin mo muli kami ng Banal na Espiritu at ipagkaloob mo sa amin ang mga Espirituwal na kaloob na kailangan namin sa aming buhay upang magpatuloy at paglingkuran ka, mangaral, gumawa ng bagong mga disipulo, sanayin ang mga bagong manggagawa, at magtayo ng bagong mga pag-aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan at makipag-ugnayan sa mga bagong tao at bagong lugar. Panginoon, ihanda mo kami para sa iyong pagdating upang kami ay sumama sa iyo kapag dumating ka. Panginoon, dalhin ang mensahe at ipalaganap ito upang maabot ang lahat ng kongregasyon, mga manggagawa, mga miyembro ng simbahan at iba pa. Panginoon, tuparin mo ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagsasakatuparan ng*

*buong kalooban ng Dios.' Panginoon, pagpalain mo kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at iligtas mo kami sa kapahamakan upang hindi kami makaranas ng sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus, ang pag-ibig ng Dios, at ang pakikipag-isa ng Banal na Espiritu ay sumaatin lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com